

Libran

REPUBLIKA NG PILIPINAS
HUKUMAN NG PAGHAHABOL SA BUWIS
LUNSD QUEZON

PROGRESSIVE DEVELOPMENT
CORPORATION,

May-kahilingan,

-laban kay-

H.P.B. USAPIN
Blg. 1404

KOMISYONADO NG RENTAS
INTERNAS,

Nananagutan.

x- - - - -x

Oct. 13/65

P A S I Y A

Ito ay isang paghahabol ng May-kahilingan sa pasiya ng Nananagutan na pinananagot ang nauna ng mga kakulangang bayad sa buwis sa kita (income tax) ng mga balagang ₱3,151.70, ₱2,213.68, ₱10,987.86, ₱5,252.94, at ₱24,276.96 para sa mga taong 1957, 1958, 1959, 1960 at 1961 ayon sa kanilang pagkakasunod-sunod.

Ang May-kahilingan ay isang katutubong korporasyon na itinatag sa ilalim ng mga batas ng Republika ng Pilipinas, samantalang ang Nananagutan ay ang Komisyonado ng Rentas Internas. Nang dinggin ang usaping ito nuong ika-16 ng Agosto, 1965, ang abogado ng May-kahilingan ay nagpahayag na matapos ang pakikipanayan sa nanananggol ng Nananagutan ay kanyang tinanggap ang ilan sa mga bagay na pinagunsa. Iniharap ang iksaminador na si Pedro P. Yadao ng Rentas Internas at pinatotohanan nito ang mga sinabi ng abogado ng May-kahilingan. Dahil dito ay pinagkaisahan na ang nabanggit na iksaminador ay magharap ng isang bagong taasayon (revised assessment).

PASIYA -
H.P.B. Blg. 1404


- 2 -

Nuong ika-11 ng Oktubre, 1965, ang magkabilang panig ay nagharap ng isang paliwanag (manifestation) na may kasamang bagong tasasyon (Annex "A"), at alinsunod dito ang mga kakulangang bayad sa buwis sa kita ay ang sumusunod: 1957 - ₱3,151.78; 1958 - ₱2,213.68; 1959 - ₱10,216.44; 1960 - wala; 1961 - ₱14,306.24. Kabuuan - ₱29,887.14.

DAHIL DITO, ang pasiya ng Komisyonado ng Rentas Internas ay binabago nang alinsunod sa bagong tasasyon at ang May-kahilingan ay inuutusan na magbayad ng halagang ₱29,887.14 kasama na ang tubo. Walang kostas.


INIUUTOS.

Lunsod Quezon, ika-13 ng Oktubre, 1965.


TEOFILO D. REYES, AMA
Tagapangulong Hukon

Ang Kasamang Hukon ROMAN M. UMALI
ay hindi lumahok.

SUMASANG-AYON AKO:


ALEJANDRO B. AFURONG
Kasamang Hukon